Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IX, ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DAPITAN CITY

Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay

Agosto 14, 2024

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 412 s. 2024**

**Timpalak Kaugnay sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024**

PARA SA: Katulong na Tagapamanihala ng Sangay
Mga Hepe ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagapamahalang Pampurok
Mga Tagamapamahala ng Paaralang Elementarya at Sekondarya
Mga Guro,mga kawani at iba pang kinauukulan
sa Sangay na ito

---

1. Kaugnay sa pakikiisa ng Sangay na ito sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika at sa mga timpalak na binuo upang mapahalagahan ito sa lahat ng paaralan, narito ang petsa at lugar para sa kabatiran ng lahat.

| Patimpalak | Bilang ng Kalahok | Petsa at Oras | Lugar |
|---|---|---|---|
| I-ispel Mo | 1 kalahok bawat Paaralan-Grade 4 | Agosto 23, 2024 9 am | TalisayIS Covered Court |
| Pagsulat ng Talumpati | 1 kalahok bawat paaralan-Grade 10 | Agosto 23, 2024 9 am | Talisay IS Academic Room |
| Pagsulat ng Kuwentong Pambata | 3 manuskrito sa bawat baitang(1-6), antas elementarya | Deadline Agosto 27, 2024 | SDO contact Ruby V. Paguntalan |
| Pagsulat ng Kuwentong Pambata | 3 manuskrito sa Non-teaching School-based at DO Based | Deadline Agosto 27, 2024 | SDO contact Ruby V. Paguntalan |

2. Kalakip nito ay ang mga pamantayan para sa bawat kategorya ng patimpalak.

3. Inaasahan ang malawakan at agarang pagpapalaganap ng memorandum na ito

**DANNY B. CORDOVA, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

CID-Fil____

Department of Education
Division of Dapitan City
RELEASED
NO 412 AUG 15 2024
TIME 10:20

Sunset Boulevard, Dawo, 7101 Dapitan City
(065) 917-5113
dapitancity@deped.gov.ph
depeddapitancity.net
fb.com/DepEdDapitanCity

## Pamantayan Para sa I-ispel Mo

1. Ang paligsahan ay bukas para sa mga mag-aaral sa Baitang 4 sa Antas Elementarya.
2. Ang kalahok ay ang nagwagi sa pampaaralang paligsahan
3. Ang kalahok ay may isang gabay na tagapayo/tagapagsanay.
4. Kailangang nakasuot ng uniporme ang kalahok sa panahon ng paligsahan
5. Ang komite na binuo ay maghahanda ng nga gagamiting salita para sa elimination round,final round at clicher at knock-out round na nakasaad sa pinagbatayang tuntunin sa 2013 Ortograpiyang Pambansa
6. Babasahin ng tagapagdaloy ang mga salitang babaybayin ng dalawang beses. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa , ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng kalahok.
7. Ang pagbibigay ng puntos ng tamang sagot ng mga kalahok ay batay sa sumusunod:

   Elimination Round
   10 aytem 1 puntos bawat bilang (unang batch ng pagtatanggal)
   5 aytem 1 puntos bawat bilang (pangalawang batch ng pagtatanggal)

   Final Round

   | | |
   |---|---|
   | Madali- | 10 aytem x 2= 20 puntos |
   | Katamtaman | 10 aytemx 3= 30 puntos |
   | Mahirap | 10 aytem x 5= 50 puntos |

8. Isasagawa muna ang elimination round para sa lahat ng kalahok sa bawat paaralan. Sampung salita ang ipapabaybay sa mga kalahok. Magtatanggal ng rank 26-50 matapos ang unang sampung salita.
9. Isusunod naman ang pagpapabaybay ng kasunod na limang salita para sa rank 1-25. Magtatanggal na naman ng rank 11-25. Ang rank 1-10 ay ang makapapasok sa Final Round.

10. Ang mga kalahok ay bibigyan ng 7 segundo para sa pagsulat ng kanilang sagot

11. Ang magkamit ng pinakamataas na puntos ay ang tatanghaling kampeon sa paligsahan

12. Tatanggap ng premyo at sertipoko ang mga nangungunang tatlong kalahok gayundin ng sertipiko ng pagkilala ang kanilang mga tagapagsanay

13. Sa sandalling magkaroon ng patas na tanong ay magkakaroon ng clicker round

14. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa :
    3 salita ng paglalaban na may tig-isang puntos
    Ang makakuha ng pinakamataas na puntos ay ang makakuha ng puwestong pinaglabanan
    Sa sandaling may patas muli ay magkakaroon ng knock out round (ang unang makasagot nang tama ay ang panalo)
15. Ang hatol ng inampalan ay pinal.

**Pamantayan Para sa Timpalak sa Pagsulat ng Talumpati**

1. Ang paligsahan ay bukas para sa mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Antas Sekondarya.
2. Ang kalahok ay ang nagwagi sa pampaaralang paligsahan
3. Ang kalahok ay may isang gabay na tagapayo/tagapagsanay.
4. Kailangang nakasuot ng uniporme ang kalahok sa panahon ng paligsahan
5. Ang komite ay ang magbigay ng paksa sa oras ng paligsahan sa pagsulat ng talumpati
6. Isang oras ang ilalaan para sa pagsulat ng talumpati.
7. Huhusgahan ang likha batay sa sumusunod :

| BATAYAN SA PAGHATOL |
|---|
| NILALAMAN (40%)<br>• Ang mga inihayag ay naaayon sa paksa<br>• Nagbibgay nang sapat na impormasyon na may mga batayan<br>• Gumagamit ng mga salitang nakapagpapatunawa, nagtuturo at nanghihikayat<br>• Nailalahad ang mga mahahalagang punto at may mga patibay<br>• Gumagamit ng mga Teknik sa pagsusulat<br>• Napapalitaw ang matinding emosyon at mahalagang mensahe<br>• Napapanatili ang kawilihan o interes hanggang sa huling bahagi ng talumpati |
| ORGANISASYON O PAGKAKABUO (30%)<br>• Mahusay at lohikal ang pagkakasulat pagkakahanay ng mga pahayag, at detalye<br>• May panimula,may diskusyon at kongklusyon<br>• Napapalutang ang hinahangad na kaisahan upang ang pagtalakay s kabuuan ng akda ay maging makabuluhan, malinaw at mapaghamon<br>• May paggamit ng mgapalatandaang transisyon<br>• Sapat ang haba ng talumpati, malinaw at nababasa ang mga inaasahang bahagi sa pagbuo ng ganitong sulatin |
| MEKANIKS (30%)<br>• Angkop ang ginamit na wika bstay sa inaasahang target na mga tagapakinig (kapwa mag-aaral at mga guro)<br>• pormal at magalang<br>• Kawili-wili at may panghatak sa emosyon<br>• Maayos ang pagkakasulat at naaayon sa tamang gramatika at pamantayan sa pagsulat |

8. Tatlong ang ideklarang nagwagi sa patimpalak na ito: Kampeon, Pangalawa at Pangatlo.
9. Tatanggap ng gantimpala at sertipiko ang mga nagwagi pati na ang mga tagapagsanay na tatanggap din ng sertipiko ng pagkilala.
10. Ang desisyon ay mga tagahatol ay pinal.


Sunset Boulevard, Dawo, 7101 Dapitan City
(065) 917-5113
dapitancity@deped.gov.ph
depeddapitancity.net
fb.com/DepEdDapitanCity

**Pamantayan Para sa Timpalak sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata**

1. Ang timpalak na ito ay bukas para sa mga guro sa elementarya at non-teaching personnel ng sangay
2. Ang bawat Distrito ay kailangang pumili ng kanilang tig-dalawang entry na manustrito para sa bawat baitang (1,2,3,4,5,6) at isa para sa non-teaching.
3. Ang ipapasang manuskrito ay dapat hindi pa nailalathala o naisali sa anumang paligsahan.
4. Dapat ay hindi kakikitaan ng pangalan ng may-akda, paaralan, ilustrador lay-out artist . ang manuskrito.Tanging Pamagat ng Kuwento at ang manustrito lang.
5. Ang kuwento ay dapat na orihinal .Ang paggamit ng kuwentong lokal ay dapat na gumagalang at sensitibo sa mga tradisyunal at kultural na paniniwala at mga kinagawian.
6. Ang kuwento ay dapat na nasusulat sa Filipino.
7. Ito ay ibinatay sa isang kompetensi o kombinasyon ng mga ito sa alinmang disiplina sa MATATAG at Kto 12 Kurikulum.
8. Ang kuwento ay naglalaman ng tema sa tradisyon , kultura, kalikasan, sining o lokal na konsepto at pasok sa tagline na # Kuwento ng Bayan Ko.
9. Ito ay dapat ding naaayon sa DepEd Social Content Guidelines.
10. Ang sumusunod ay ang ispesipikasyon ng manuskrito :
    Grade 1,2,3-Hindi lalampas sa 2,000 salita
    Grade 4,5,6- Hindi lalampas sa 5000 salita
    Gumagamit ng word processing service (MS Word)
    Gamit ang anumang serif typefaces, single space, size 12
    Ang kompetensi ay nasa huling bahagi ng manuskrito, italics at flushed right
11. Ang pagsusulat ay isasagawa sa labas ng oras pantanggapan/pampaaralan.
12. Ang deadline ng pagpasa ay sa ika-27 ng Agosto hanggang alas-5:00 ng hapon
13. Pipili ng tigtatatlong nangungunang manuskrito sa bawat baitang , antas elemetarya.
14. Tatanggap ng gantimpala at sertiko ng pagkilala ang mga nangungunang manunulat sa bawat bitang. Bibigyan naman ng sertipiko ng partisipasyon ang hindi napili ng komite.
15. Ang desisyon ng komite ay pinal.

Tagapagdaloy ng Paligsahan: **Cristian D. Dalis**
SST 1-Talisay IS

Tagawasto:
**Maricel B. Jarapan**
T 3, Potungan NHS
**Nona Love S. Saguin**
T 3, Barcelona NHS
**Divina Gracia C. Ferraren**
HT 1-Sulangon NHS
**Chona Adjain**
T3, Ilaya NHS
**Cristita E. Quines**
Master Teacher, Baylimango NHS

Tagahatol Para sa I-ispel Mo
**July G. Saguin**
Master Teacher 3
Dapitan City NHS

**Bobbie E. Gurabot**
EPS
SDO, Dapitan City

**Jimmy B. Gahuman**
EPS
SDO,Dapitan City

Tagahatol Para sa Timpalak:
Sa Pagsulat ng Talumpati
**Arlene Rendon**
Master Teacher , Taguilon ES

**Leonor Empeynado**
Master Teacher, Barcelona CS

**Julieta H. Tibon**
Master Teacher, Burgos ES

Sertipiko at Gantimpala: **Jean M. Alonso**
SST-3,/TIC-High School,TalisayIS

Akomodasyon at Sound System: **Leonido J Tabilon**
Principal ,Talisay IS

Program In-charge: **Lindo O. Adasa Jr**
EPS-Filipino